American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN : 2378-703X
Volume-09, Issue-06, pp-372-387
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# MATATAG KA BA?: ISANG PENOMENOLOHIKAL NA PAG-AARAL SA HAMON NG MGA PAMPUBLIKONG GURO SA MAKABAGONG KURIKULUM

Claire B. Capisnon[1], Elealeh Suan-Timosa, MAEd.[2]
[1](Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences, and Technology, Philippines)

**ABSTRAK:** Ang pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ay suriin at unawain ang mga hamong kinakaharap ng mga pampublikong guro sa ilalim ng makabagong kurikulum, gamit ang isang phenomenolohikal na pag-aaral. Layunin ng pag-aaral na tuklasin kung paano hinaharap ng mga guro ang pagbabago sa kurikulum, kung paano ito nakaapekto sa kanilang pagtuturo, at kung paano nila pinangangalagahan ang kalidad ng edukasyon sa kabila ng mga balakid. Sa pamamagitan ng malalimang panayam, pangkatang talakayan, at tematikong pagsusuri tinutukoy ang mga pangunahing hamon tulad ng kakulangan sa kahandaan, limitadong suporta sa pagsasanay, kakulangan ng mga kagamitan o sanggunian na mapagkukunan, mga isyung may kaugnayan sa lokasyon ng pandaigdigang pamantayan, at epekto ng kurikulum sa pagkatuto ng mag-aaral. Ipinakita rin ng pananaliksik ang mga estratehiya at pananaw ng mga guro sa pagsasakatuparan ng MATATAG kurikulum sa konteksto ng makabagong pamantayan lalo na sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Iminumungkahi ng pag-aaral na kailangan ng mas maigting na suporta mula sa mga ahensya ng edukasyon upang matugunan ang mga suliraning ito. Sa pamamagitan ng pagbibigay tuon sa mass epektibong pagsasanay, mas mahusay na materyales, at mas maayos na implementasyon ng kurikulum, mas mapapalakas ang kakayahan ng mga guro sa pagbibigay ng de kalidad na edukasyon sa mga mag-aaral.

***Mga Susing Salita :*** *pampublikong guro sa makabagong kurikulum**,** Matatag Kurikulum,*

## I. INTRODUKSYON

Ang pagbabago sa kurikulum ay isang mahalagang bahagi ng edukasyon. Layunin nitong iangkop ang mga aralin, layunin, at paraan ng pagtuturo sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa kasalukuyang panahon. Dahil sa mabilis na pagbabago sa agham, teknolohiya, at lipunan, kailangan din ng pagbabago sa kurikulum upang makasabay sa mga bagong hamon. Hindi ito basta-bastang pagdagdag o pagbawas ng asignatura. Isa itong masusing proseso kung saan tinutukoy kung anong mga kaalaman at kasanayan ang makakatulong sa pag-unlad ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan nito, mas nagiging epektibo ang pagtuturo at mas natututo ang mga bata. Dahil dito, mas nagiging handa sila sa tunay na buhay, sa trabaho, at sa pakikilahok sa lipunan. Kaya naman, mahalaga na regular itong sinusuri at inaayos ng mga taong nasa sektor ng edukasyon upang matiyak na nananatiling makabuluhan at kapaki-pakinabang ang ating sistema ng edukasyon (Law, 2022)

Sa hamon na kinakaharap sa India, isa sa mga pangunahing suliranin ay ang pagbabago ng kurikulum, na nangangailangan ng mas mataas na antas ng kaalaman, kasanayan, at kahandaan mula sa mga guro. Gayunpaman, kasabay nito ay ang kakulangan ng mga kwalipikadong guro na may sapat na pagsasanay at kaalaman upang isakatuparan ang mga repormang ito sa edukasyon. Ang agwat sa pagitan ng inaasahan ng kurikulum at ng aktwal na kapasidad ng mga guro ay lumikha ng suliranin sa implementasyon ng mga bagong pamantayan.Nahihirapan ang mga guro na makasabay sa mga pagbabago at matugunan ang mga pangangailangang akademiko at personal ng kanilang mga mag-aaral (Cherian, 2020).

Sa Pilipinas, ang pagbabago ng kurikulum ay patuloy na nagiging hamon para sa mga pampublikong guro, lalo na sa ilalim ng bagong ipinatutupad na matatag kurikulum. Ang mga pagbabagong ito ay naglalayong itaas ang antas ng kalidad ng edukasyon sa pamamagitan ng pagtuon sa mas makabago, kontekstuwal, at inklusibong pamamaraan ng pagtuturo. Gayunpaman, tulad ng mga naunang reporma, ang biglaang pagsasakatuparan ng mga pagbabago sa kurikulum ay nagdudulot ng pagkalito, kawalan ng kahandaan, at kakulangan sa suporta sa panig ng mga guro. Ayon sa pag-aaral, nahihirapan ang maraming guro na agad makibagay sa mga bagong layunin, nilalaman ng kurikulum, na nagreresulta sa mabagal o hindi epektibong implementasyon nito. Ang kakulangan sa sapat na pagsasanay, gabay, at materyales ay naglalalim sa puwang sa pagitan ng intensyon ng kurikular na reporma at ng aktwal na praktis sa silid-aralan, na nagkakaroon ng direktang epekto sa kalidad ng pagtuturo at pagkatuto (Herrera, 2025).

Ang pananaliksik na ito ay napapanahon at nararapat pag-aralan dahil nakaugat sa kasalukuyang mga hamon na kinakaharap ng mga pampublikong guro sa ilalim ng makabagong kurikulum. Ito ay may malalim na kahalagahan sa konteksto ng pagtugon sa pangangailangan ng mga guro. Sa pagtalima sa bagong kurikulum, maaaring magbago ang pamamaraan ng pagtuturo at pagkatuto, kaya ang pag-unawa sa mga hamong kinakaharap ng mga guro ay magbibigay-daan sa mas mahusay na adaptasyon at pagsasaayos ng mga estratehiya sa pagtuturo, na magbigay ng praktikal na solusyon sa mga problema, na makatutulong sa mga guro na mapabuti ang kanilang kakayahan sa pagtuturo at sa mga estudyante na mas mapalawak ang kanilang pagkatuto. Sa pamamagitan ng mga rekomendasyon mula sa pag-aaral, ang mga patakaran at programa sa edukasyon ay maaaring maiaangkop at mapabuti, na tiyak na magreresulta sa isang mas makatarungan at epektibong sistema ng edukasyon.

Base sa literatura na ibinahagi sa itaas, may mga pag-aaral na isinagawa patungkol sa pagbabago ng antas ng edukasyon katulad ng pag-aaral ni Fitzgerald (2023) na may pamagat na *"Disrupting discourse and reclaiming public teacher education: A provocation,* at ang pag-aaral ni Chakyarkandiyil & Prakasha (2023) na may pamagat na *Cooperative learning strategies: Implementation challenges in teacher education,* ngunit ang kanilang pokus ay tungkol sa kanilang karanasan hinggil sa kanilang kwalipikasyon sa makabagong kurikulum, walang pag-aaral na isinagawa sa lokalidad na nakatuon sa mga karanasan ng mga guro sa Matatag Kurikulum.

Ang praktikal na pagpapatupad ng mga pagbabago at ang epekto nito sa pang-araw-araw na gawain at propesyonal na pag-unlad ng mga guro ay maaaring hindi lubos na nasusuri. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matugunan ang puwang na ito ay sa pamamagitan ng pagsasaliksik sa mga epekto ng makabagong kurikulum sa mga guro, kabilang ang kanilang mga gawain at propesyonal na pag-unlad. Kinakailangan ding magsagawa ng paghahambing sa iba pangkonteksto upang makakuha ng mas malawak na pananaw, at magbigay ng mas malalim na pag-unawa sa mga pananaw ng mga guro, ang ganitong uri ng pananaliksik ay makakatulong sa pagbuo ng mas epektibong mga solusyon at suporta para sa mga guro sa ilalim ng bagong kurikulum. Upang mas mapakinabangan ang resulta ang pag-aaral na ito, ilathala ito sa aklatan, at journal. ang pananaliksik ay magiging libre para sa mga mag-aaral na gustong magbasa at mangalap ng impormasyon tungkol sa hamon sa pagtuturo ng mga pampublikong guro sa ilalim ng Matatag kurikulum. Makakatanggap ng kopya ang silid-aklatan at ang Research and Development Office ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology upang matiyak na magagamit ng mga mag-aaral at guro ng institusyon ng pananaliksik.

**Layunin ng Pananaliksik**

Ang layunin ng pananaliksik na ito ay tukuyin ang mga pangunahing hamon na kinakaharap ng mga pampublikong guro sa pagpapatupad ng makabagong kurikulum ng pampublikong paaralan sa Munisipalidad mg Kapalong sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, layunin nitong alamin ang mga partikular na isyu tulad kung paano ang mga nasabing suliranin ay nakakaapekto sa kalidad ng pagtuturo at pati na rin sa pangkalahatang pagganap ng mga guro.

Bukod dito, ang penomenolohikal na pamamaraan ang gagamitin sa pananaliksik na ito upang masusing tukuyin ang mga karanasan na may kaugnayan sa kumplikasyon at disenyo ng bagong kurikulum, na nagpapahirap sa mga guro na umangkop at magbigay ng epektibong pagtuturo. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong nakatuon sa paggalugad ng mga impormasyon kung paano ang mga hamon na ito ay nagiging hadlang sa kanilang epektibong pagtuturo.

**Katanungan sa Pananaliksik**

1. Ano-ano ang mga karanasan na kinakaharap ng mga guro sa Filipino sa pagpapatupad ng Matatag kurikulum?
2. Ano ang mga estratehiya o pamamaraan na ginagamit upang malabanan ang mga hamon sa ilalim ng matatag kurikulum?
3. Ano ang pananaw ng mga guro sa MATATAG kurikulum sa paglaganap ng modernong pamamaraan sa pagtuturo sa kasalukuyang panahon partikular na sa kanilang pagtuturo sa asignaturang Filipino?

## II.METODO

**Disenyo ng Pag-aaral**

Ang pananaliksik na ito ay gagamitan ng kwalitatibong pananaliksik gamit ang penomenolohiyang pagdulog. Ayon kay Creswell (2013), ang kwalitatibong pananaliksik ay naglalayong magbigay ng masusing pag-unawa sa mga karanasang pantao at mga penomena sa kanilang likas na konteksto. Sa pamamaraang ito, ang mga mananaliksik ay nagsisiyasat ng mga tiyak na insidente o kaso upang makakuha ng mga pananaw tungkol sa mas malawak na mga prinsipyo o pattern. Ang disenyo na ito ay nagtatampok sa detalyado at kontekstuwal na pagsusuri ng isang limitadong bilang ng mga paksa o kaso, na nagbibigay-daan para sa komprehensibong pagsisiyasat ng mga kumplikadong isyu at interaksyon. Dagdag pa rito, nasasangkot ang kwalitatibong pananaliksik sa mga pagsusuri at interpretasyon ng makabibigay ng kaganapan sa mga hamon o poblemang danas ng mga indibidwal sa lipunan.

Ang kwalitatibong pamamaraan ay naangkop sa ninanais ng mga mananaliksik na maunawaan at pagkasaliksikan ng mga hamon na kinakaharap ng mga pampublikong guro sa makabagong kurikulum, at kung paano nila nalampasan ang ganitong pagsubok, at ano ang ginawa, at sino ang mga naging inspirasyon nila upang ma nalampasn ang mga hamon. Karagdagan ang ginagamit ng mananaliksik ang desinyong ito, upang maunawaan ang mga karanasan, kalagayan at suliranin, upang maipapakita ang partikular na hamon at pagsubok na lkanilang hinaharap, pati na rin ang kanilang mga estratehiya at pag-angkop sa makabagong kurikulum. Ang ganitong pag-aaral ay magbibigay ng mas malalim na pag-unawa sa mga kaganapan at interaksyon na hindi agad nakikita sa mga kaganapan at interaksyon na hindi agad nakikita sa pangkalahatang pagsusuri.

**Tungkulin ng Mananaliksik**

Ang tungkulin ng isang mananaliksik sa isang kwalitatibong pag-aaral ay dapat maging maingat at mag-alala sa mga bagay na dapat isaalang-alang para sa epektibong pagsisiyasat sa anumang isyu sa lipunan. Basi sa pangunahing gawain bilang isang mananaliksik, may mga bagay na sinusunod bilang bahagi ng mga prinsipyong inilahad ni Cresswell (2013), na nagpapahayag na ang susing bahagi ng kwalitatibong pagsasaliksik ay ang pagiging handa ng mananaliksik sa malawak na panahon para sa pagkolekta, pagsusuri at pagsulat ng mahahabang sulatin ng datos.

Sa pagsasaliksik na ito, kailangang sumailalim sa pamamaraan. Kailangan magpasa ng mga sertipikasyon ng pahintulot mula sa mga may kapangyarihan na nauugnay sa pag-aaral. Bago magsimula ang pagsasaliksik, ang mananaliksik ay kukuha ng impormasyon mula sa mga mapagkakatiwalaang kalahok. Simula dito, ang impormasyon na makuha ay may rekord at sasailalim sa mga dalubhasa.

Ang mga pamamaraang ito ay gagamitin upang magkaroon ng mahusay na batayan sa pananaliksik: Bilang isang mananaliksik, masipag at matiyagang inorganisa at isinagawa ang oryentasyon sa mga partisipante tungkol sa pag-aaral kung ano ang layunin nito at ang proseso. Magsasagawa ng aktuwal na pagkuha ng mga datos, na nararapat ding ang mananaliksik mismo ang personal na magsasagawa ng interbyu at pagdokumento sa pamamagitan ng paggamit ng audio recorder sa pagsagawa ng malalim na panayam (In-Depth Interview) at pangkalahatang talakayan (Focus-Group Discussion) sa pagrekord ng sagot ng mga partisipante, pero bago isinagawa ang pagdodokumento ay nagpaalam muna sa mga kalahok upang walang malabag na anuman sa kanilang karapatan. Gumamit din ng research journal kung saan isinulat ang mga personal na reaksyon, repleksyon, pansariling-pananaw at kung paano naisagawa ang pag-interbyu. Personal ring inihanda ang mga katanungan sa isinagawang interbyu upang maisama lahat ng mahahalagang katanungan at magabayan ang mga partisipante sa pagbigay ng mga impormasyong mahalaga sa pag-aaral na ito.

Bilang isang mananaliksik, masigasig at masipag na nagplano at isinagawa ang pagsasanay sa mga kalahok tungkol sa layunin at proseso ng pag-aaral. Ang mananaliksik mismo ang responsable sa aktuwal na pagkuha ng mga datos. Ito ay kailangang gawin sa pamamagitan ng personal na interbyu at paggamit ng audio recorder para sa *(In-Depth Interview at Focus-Group Discussion).* Kailangan ding magpaalam sa mga kalahok bago simulan ang pagdodokumento upang hindi labagin ang kanilang karapatan. Magagamit din ang talaan ng pananaliksik kung saan nakatala ang mga personal na reaksyon, pagmumuni-muni, personal na opinyon, at kung paano isinagawa ang pagsisiyasat. Ang mga tanong sa personal na panayam ay naayos upang isama ang lahat ng mahahalagang katanungan at gabayan ang mga kalahok sa pagbibigay ng mahalagang impormasyon para sa pag-aaral na ito.

**Paglikom ng Datos**

Bilang isang mananaliksik, gagawa ako ng mga hakbang sa paglilikom ng mga datos at mga mahahalagang impormasyon para sa pananaliksik na ito. Bago ko simulan ang pananaliksik, tungkulin ko na magkaroon ng ugnayan sa mga guro kung paano ba simulan ang isang pananaliksik. Pagkatapos magsasagawa ng pagpaplano sa gagawing pananalikik, ako bilang isang mananaliksik ay kailangan maghanap ng kalahok na nagtuturo sa Filipino na dalawang taon na sa larangan ng pagtuturo sa pampublikong paaraan sa Munisipalidad ng Kapalong. Ang kwalitatibong pananaliksik ay kadalasan nangangalap ng mga datos sa iba't ibang pamamaraan gaya ng pakikipanayam, obserbasyon, at pagdodokumento (Creswell, 2017). Bilang isang mananaliksik, gagawa ako ng mga hakbang sa paglilikom ng mga datos at mga mahahalagang impormasyon para pananaliksik na ito.

Bukod dito, ang pagsunod sa proseso ng pananaliksik ay higit na maunawaan ang pananaliksik na ito, at napagabihan din ang kalahok patungkol sa kanilang mga maitutlong upang matagumpayan ko ang pananalikik na ito. Pagkatapos, magtatakda ang mananaliksik ng oras at petsa na kailan libre at walang ibang gawain ang partisipante sa gagawing pakikinayam. Dagdag pa dito, ang mga na aprobahang gabay sa panayam (approved guide question) ito ang magsisilbing gabay ng mga partisipante sa pakikinayam, at wala ng iba pang katanungan na tatanungin ang mananaliksik bukod sa mga katanungan nag nakasaad sa gamay na mga tanong sa pananaliksik.

Batay kina Mc Millan at Schumacher (2015), ang malalim na panayam (In-Depth Interview) ay isang pagpapanayam na may inaasahang layunin. Sa pamamagitan ng (In-Depth Interview), nabibigyan ng oportunidad ang mga partisipante na ibahagi ang kanilang karanasan na may kaugnayan sa makabagong paraan ng pagkatuto

maging sa mga karanasan patungkol sa mga hamon ng mga guro sa matatag kurikulum. Ang pinalalim na panayam ay isang pagpapanayam na may inaasahang layunin. Sa pamamagitan nito, nabibigyan ng oportunidad at naging malaya ang mga partisipante sa pagbahagi ng kanilang karanasan maging sa pagsagot sa mga katanungan.

Ang pangkalahatang talakayan (Focus-Group Discussion) ay ginagamit sa pagkuha ng mga karanasan patungkol sa isang sitwasyon na karaniwan nilang nararanasan. Ang pangkalahatang talakayan (Focus-Group Discussion) ay nag-aanalisa kung paano makikihalubilo ang partisipante sa kanyang kapwa partisipante, at paano maiimpluwensyahan ng bawat isa ang kanilang mga kasagutan na imposibleng mangyari sa malalim na panayam (Patton, 2002). Ang pangkalahatang talakayan ay ginamit upang malaman kung may pagkakaisa ba ang mga kasagutan ng mga partisipante. At dito rin maaaring matukoy kung may pagsang-ayon o pagsalungat ba ang isang partisipante sa ibabahagi ng iba.

**Pag-aanalisa ng Datos**

Sa isinagwang pag-aaral, gagamit ng termatikong analisis ang mananaliksik sa pagtukoy, pag-analisa at pag-uulat ng mga kakailangang datos, upang pag-aralan ang mga proseeso sa pagsagot ng mga partisipante, sa pamamagitan ng tematikong analisis dito natin malalaman at mauunawaan ng maayos ang mga sagot ng partisipante sa mga katanungan ng pananaliksik na ito Braun & Clarke (2006). Ito ay nagbibigay-pahintulot sa isang mananaliksik sa pag-uugnaay ang kahalagaan at pagsusuri ng tema sa pangkalahatang kabuuan ng nilalaman. Sa paaran na ito, mahalaga ang interpretsyon ng mga kalahok sa pagbibigay ng tamang paliwanag para sa kanilang kilos, iniisip at higit sa lahat pag-uugali. Tulad ng paglalarawan, ang tematikong analisis ay mayroong tatlong yugto: ito ay ang pagbabawas ng datos, pagpapakita ng datos at konlusyon ng datos, ang lahat ng ito ay nakakatulog sa atin sa pagbuo at pagpapatunay na ang mga nakuha ay malinaw na ibinahagi ng mga mananaliksik at pagkatapos ibbigay sa mga pangulong-guro ng mga pampublikong guro sa napiling paaralan na gaganapin ang pananaliksik

Pagkatapos, ay dumulong ako sa tanggapan ng pananaliksik at sa tagapayo ng pananaliksik upang ipaalam sa kanila ang pagapayag ng pangulo at maari ko ng simulan ang aking pananaliksik. Pagkatapos ma-aprobahan at malaagdan lahat na kakaylanganin ng liham ng pahintulot, naghahanap ako ng partisipante ng mga guro paraalan na nagtuturo sa Filipino. Bilang mananaliksik gumawa ako ng liham ng pahintulot sa lahat ng magiging partisipante, ng akiang pananaliksik, ito ay upang paghandaan ang pagsasagawa ng oryentasyon kasama ang mga kalahok sa pananaliksik patungkol sa layunin, dahilan at hangarin ng aking pananaliksik. Ako ay nagpadala rin ng naaprobahang pahintulot mula sa institusyon ng kcast patungo sa kaniyang partisipante, magsisilbi itong patunat na ito ay lehitimo.

Sa sosyal na kontraksyon, ang lahat ng pamamaraan sa pag-aanalisa ng mga datos sa pananaliksik ay isang diskurso na bahagi ng pagsasanay mga mananaliksik. Sa pag-aaral na ito, ang pag-aanalisa ng mga datos sa diskurso ng metodolohiya ay ginamit sa pananaliksik na ito sap ag-aanalisa ng dato upang maintindihan ang kondisyon sa tiyak na poblema. Nakatukoy ang bersyon sa hamon at suliranin sa pananaw ng mga partisipante at pagbibigay ng lubos na kasagutan patungkol sa mga hamon na kinakahap. Ang mga mananaliksik ay gagamit ng pagbabawas ng sa pag-aanalisa ng datos para tanggalin ang mga impormasyon na hindi importante upang mas maunawaan ng mga mambabasa ang datos na likom sa pakikinayam. Ang pagsasaayos ng tema, ay isang wastong proseso sap ag-aangkop ng mga impormayon sa tematikong analisis. Ang mananaliksik ay hindi kailan man hihingi ng tulong sa eksperto sa pag-aanalisa ng datos, pamamahala at pag-organisa ng mga datos at sa mas madaliang paraan (Mouton & Marais, 1991).

## III.RESULTA

**Unang Katanungan sa Pananaliksik: Ano-ano ang mga karanasan na kinakaharap ng mga guro sa Filipino sa pagpapatupad ng Matatag kurikulum?**

Ang pangunahing tema at mga ideya para sa pananaliksik na tanong bilang 1 ay ipinakita sa Talahanayan 2. Upang masagot ang tanong na ito sa pag-aaral, isinagawa ang malalim na panayam o *in-depth interview* at pangkalahatang panayam o *focus group discussion* sa mga partisipante. Mula sa mga sagot ng mga partisipante (4) apat ang pangunahing tema ang lumitaw: (1) hamon ng oras sa epektibong pagtuturo; (2) Kakulangan ng Kagamitan at Sanggunian; (3) hamon sa pagkatuto ng mga mag-aaral; (4) balakid sa epektibong pagpapatupad ng lesson exemplar.

**Mga Karansan ng mga Pampublikong Guro sa Filipino aa Ilaim ng Makabagong Kurikulum**

| Mga Pangunahing Tema | Mga Pansuportang Pahayag |
|---|---|
| | • "[…]*Kulang ang panahon o oras na ibinigay sa lesson exemplar, kaya ang mga competency na inilagay ay napakarami at hindi kayang maabot sa loob ng isang lingo*[…]" – **IDI 1**<br><br>• "[…]Kulang talaga ang oras dahil 45 munuto lang ang tagal ng klase ng MATATAG, sobrang hirap pagkasyahin ang mga gawain pa tapos mga talakayan pa[…]" -**IDI 2** |

| | |
|---|---|
| **Hamon ng Oras sa Epektibong Pagtuturo** | • "[…]Bilang isang guro sa Filipino, *isa sa malaking hamon sa banghay aralin at lesson exemplar ay ang saklaw sa oras, inaasahan na sa pagtatapos ng itinakdang oras ay dapat natapos na ang buong aralin, ngunit bilang guro malaking hamon ito kung papaano pagkasyahin ang lahat ng bahagi ng pagtuturo sa loob ng 45 nimuto kahit na may gabay sa lesson exemplar*[…]" – **IDI 4**<br><br>• "[…]*Kaunti lamang ang oras para isama lahat ng nakasulat sa lesson exemplar, magkapatong-patong na lahat ng mga aralin kung hindi ko maituro ang mga ito sa itinakdang oras[…]*" – **FGD 4**<br><br>• *"[…]Nahirapan talaga ako sa pag-adjust kasi hindi sapat yung oras 45 minutes sa pagtuturo dito ako nahirapan talaga*[...]" – **FGD 7** |
| **Kakulangan ng Kagamitan at Sanggunian** | • "[… ]*Ang poblema, lalo na sa amin sa Mabantao National, ay kakaunti lamang ang mga gadget na maaring magamit, kaya bilang isang guro, mahihirapan kami kung papaano ihatid o maituro nang maayos ang mga aralin ayon sa hinihingi ng kurikulum*[…]" – **IDI 7**<br><br>• "[…]*Hamon sa pagtuturo sa ilaim ng matatag kurikulum ay yung wala pang mga bagong sanggunian yung mga bagong kagamitan kagaya ng mga aklat o module na gagamitin para sa klas*e[…]" – **FGD 2**<br><br>• **"[…]***Ang pinaka nahirapan talaga ako sa kakulangan ng gamit tulad ng tv, halimbawa sa grade 7 may mga aralin sa MATATAG kurikulum na kailangan ipakita sa tv bilang bahi ng pagtuturo, kaso walang tv kaya naging hamon ito sa akin*[…]" - **FGD 5**<br><br>• "[…]*Madalas kulang ang mga materyales at mga sanggunian na pagkukunan ng mga guro kaya naging mahirap ang transisyon sa bagong sistema yun yung mga hamon sa akin bilang isang guro sa matatag kurikulum*[…]" **FGD 6** |
| **Hamon sa Pagkatuto ng mga Mag-aaral** | • *"[…]Mahirap turuan ang mga bata, kailangan ko pangulit-ulitin sa kanila ang mga aralin, kinakailangan ko pang-ituro sa kanila ng maraming beses para maintindihan nila*[…]" – **IDI 5**<br><br>• *"[…]Mahirap turuan ang mga bata lalo na sa henerasyon ngayon, sa grade 7 kahit simpleng mga salita hindi sila agad nakakaintindi***…" – IDI 2**<br><br>• "[…]*Hindi nakakaunawa o nahihirapan ang mga mag-aaral ko sa grade 7, kahit sa mga simpleng salita sa filipino* kung gagamitan ko ng Filipino *kapag nagpapaliwanag nahihirapan silang makasabay sa mga aralin, lalo na sa mga gawain na nasa lesson exemplar***[…]" – FGD 5** |
| **Balakid sa Epektibong Pagpapatupad ng Lesson Exemplar** | • **"[…]** *Sobrang hirap kahit may gabay na sa exemplar, mahirap parin itong maiaangkop ang lahat*[...]" – **IDI 1**<br><br>• "[…] *Ang poblema ay ang pag-angkop sa mataas na pamantayan at ang pagbibigay sa mga mag-aaral ng de-kalidad na leksyon, mahirap maihatid ang bagong aralin o mga bagong gawain na naayon sa lesson exemplar*[…]" – **IDI 3**<br><br>•"[…]*Hindi talaga naming kayang sundi lahat ng competency na nakasaad sa exemplar… kaya naging hamon kung paano ituro ang mga aralin*[…]"-**FGD 3**<br><br>•**"**[…]*Dumami ang kailangang isaayos sa pagtuturo mula sa instructional materials hanggang sa paraan ng pagtuturo, kaya nahirapan talaga ako, napakahirap talaga*[…]" -**FGD 6** |

**Ikalawang Katanungan sa Pananaliksik: Ano ang mga pagkiling sa kasarian na matatagpuan sa mga maikling kwento ni Lola Basyang?**

**Pangalawang Katanungan sa Pananaliksik: Ano ang mga estratehiya o pamamaraan na ginagamit upang malabanan ang mga hamon sa ilalim ng matatag kurikulum?**

Ang mga karanasan ng mga kalahok ang naging dahilan upang sila ay makapagpahayag ng mga paraan upang maibahagi ang kanilang pananaw at saloobin sa pagbabalik ng in-person na klase. Matapos suriing mabuti ang mga datos, (4) apat na pangunahing tema ang lumitaw: (1) **pag-aangkop at pagpapabuti ng pagtuturo; (2)** pagsasama ng teknolohiya sa pagtuturo; (3) proaktibong paghahanda at pag-aangkop sa pagtuturo; (4) paglahok sa pagsasanay at propesyonal na pag-unlad

**Talahanayan 3**
**Pagtugon ng mga pampublikong guro sa Filipino sa mga hamonng naransan sa Pagtuturo dala ng Matatag kurikulum**

| Mga Pangunahing Tema | Mga Pansuportang Pahayag |
|---|---|
| **Pag-aangkop at Pagpapabuti ng Pagtuturo** | •"[…]*Kapag na hindi ako sang-ayon sa aktibidad na nakasaad sa lesson exemplar, gumagawa ako ng sarili kong aktibidad, gayumpaman, tinitiyak ko na ito ay tugma at angkop pa rin sa itinakdang kasanayan*[…]" – **IDI 2**<br><br>•***"[…]****Gumagamit ako ng iba't ibang estratehiya may mga estratehiyang sinusunod ko mula sa lesson exemplar, at mayroon ding mga estratehiyang ako mismo ang bumuo, ngunit naaayon parin sa lesson na nakapaloob sa lesson exemplar[…]"* – **IDI 3**<br><br>•***"[…]****Kung sa tingin ko ay hindi talaga maisasagawa ang aktibidad na iyon sa klase, kailangang humanap ng ibang aktibidad na mas angkop at posible para sa aking mag-aaral[…]*- **IDI 6**<br><br>•***"****[…]Ang pagbibigay ng mas maraming naiibang instruksyon ay mahalaga dahil magkakaiba ang kakayahan ng mga mag-aaral, dapat gumamit ang mga ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo****[…]"*** **– FGD 6** |
| **Pagsasama ng Teknolohiya sa Pagtuturo** | •"[…]*Gumagamit ako ng ICT tulad ng tv at mga videos upang mapadali ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga leksyong aking ituturo*[…]***"*** **-IDI 7**<br><br>•**"[…]***Paggamit ng mga makabagong pamamaraan sa pagtuturo kagaya ng paggamit ng mga powerpoint presentation, video lesson at iba pang teknolohiya, dahil sa pamamagitan nito mas naging digitalize din yung ating paraan ng pagtuturo, na kung saan ito yung kinakailangan upang makasabay din tayo sa trend ngayon ng pagtuturo*[…]" – **FGD 2**<br><br>•"[…]*Pag-aangkop na ginawa ko upang makaagapay sa pagtuturo is yung pagbibigay ng video lesson sa mga mag-aaral kasi yung mga mag-aaral hindi na sila nakikinig kahit anong gawin mong salita sa harapan ngunit kung hindi talaga makuha yung interes nila o hindi talaga makikinig so isang paraan din yung pagbibigay ng video lesson na pupukaw ang kanilang interes* […]" – **FGD 3**<br><br>•**"[…]***Ang paggamit ng mga bagong teknolohiya tulad ng powerpoint presentation, educational videos at marami pa, at napansin ko na mas interesado ang mga mag-aaral kapag may biswal na materyales kumpara sa tradisyonal na pagbabasa lamang mula sa mga aklat*[…]" – **FGD 4** |
| | •**"[…]***Ang estratehiya ko lang ang maging handa sa anumang hamon ng pagtuturo, inaakma ko ang mga aktibidad sa kakayahan sa pagkatuto ng mga mag-aaral ko, pagpasok ko palang sa silid-aralan kailangan na maging positibo sa lahat*[…]" – **IDI 1**<br>• "[…]*Dapat maging handa ang guro dahil nakakahiya naman kung harap ako sa aking mga mag-aaral ng hindi ko pa alam ang tatalakayin. Kaya bilang guro kailangang bago pa man ang diskusyon, nakita ko na ang lesson exemplar upang mapaghandaan uri ng mga araling ituturo sa aking mga mag-aaral*[**…**]**" – IDI 2** |

| | |
|---|---|
| **Proaktibong Paghahanda at Pag-aangkop sa Pagtuturo** | • **"[…]***Kailangan ko lang talagang maging handa at maging flexible sa lahat ng pagbabagong dulot ng matatag kurikulum. Kung nahihirapan man ako dapat agad akong humanap ng mga solusyon kung paano ako makakaangkop sa mga bagong estratehiya at pagtuturo na nakapaloob sa lesson exemplar***[…]" – IDI 3** |
| **Paglahok sa Pagsasanay at Propesyonal na Pag-unlad** | •"[…]*Lahat ng mga guro sa ikapitong baitang na ipinadala upang dumalo sa isang seminar o workshop upang magkaroon kami ng kaalaman patungkol sa matatag kurikulum kung ano ito, kung ano ang dapat naming ituro, at kung ano yung mga dapat naming gawin para sa epektibong pagpapatupad nito***[…]" – IDI 2**<br><br>•**"[…]***malaking tulong ang mga seminar at pagsasanay na isinasagawa ng paaralan upang magabayan kami sa mga bagong pamamaraan ng pagtuturo at tamang interpretasyon ng kurikulum***[…]" – IDI 3**<br><br>•**"[…]***Ang patuloy na pagsasanay at seminar para sa mga guro ay makatutulong upang mapabuti ang aming paaran ng pagtuturo*[…]" **– IDI 4**<br><br>•"[…]*Syempre isa din sa mabisang pamamaraan ay yaong paglahok sa mga palihan o seminar at iba't ibang mga mentoring ng ating mga master teachers at principal at yung mga lack session na makatutulong rin ito upang ayon nga matugunan yung mga hadlang lalong lalo na sa mga pagbabagong dala ngayon ng matatag kurikulum*[…]" – **FGD 2** |

**Pangatlong katanungan: Ano ang pananaw ng mga guro sa MATATAG kurikulum sa paglaganap ng modernong pamamaraan sa pagtuturo sa kasalukuyang panahon partikular na sa kanilang pagtuturo sa asignaturang Filipino?**

Upang sagutin ang tanong na ito sa pananaliksik, isinagawa ang pinalalim na panayam sa kabuoang sampu na kalahok, ayon sa kanilang pagkakasunod-sunod. a na (4) pangunahing tema ang lumitaw: (1) paglinang ng kritikal na pag-iisip at aktibong partisipasyon ng mag-aaral; (2) pagiging masinop at maparaan sa pagtuturo; (3) Paghingi ng Suporta sa propesyonal na pag-unlad; (4) pagpapalakas ng katatagan at kakayahang umangkop.

**Talahanayan 4**
**Ang mga Mithiin at Pananaw na Natutuhan ng mga Pampublikong Guro sa Filipino mula sa Karanasan sa mga hamon dala ng Matatag kurikulum**

| Mga Pangunahing Tema | Mga Pansuportang Pahayag |
|---|---|
| **Paglinang ng Kritikal na Pag-iisip at Aktibong Partisipasyon ng Mag-aaral** | • *"[…]Napansin ko sa matatag kurikulum nagdulot ng mas aktibong partisipasyon mula sa mga mag-aaral dahil sa mga student-centered na paraan ng pagtuturo. Mas nabibigyang pansin ang kanilang kritikal na pag-iisip at problem solving skills na mahalaga sa kanilang pag-unlad bilang isang estudyante […]"* **– IDI 1**<br>• *"[…]Mas nabibigyang diin dito ang kritikal na pag-iisip ng mga bata at mas napabubuti ang kolabrasyon sa kapwa mag-aaral at mas naging bihasa ang mga mag-aaral sa mga kung sa ingles pa real life application na pag-aangkop sa kanilang mga natutunang kaalaman […]"* **– IDI 2**<br><br>• *"[…]Mas nabibigyang pansin ang kanilang kritikal na pag-iisip at problem solving skills na mahalaga sa kanilang pag-unlad bilang isang estudyante […]"* **– IDI 4**<br><br>• *"[…]Ang mga mag-aaral na magagaling at mahuhusay sa klase mas sa kanila yung may positibong epekto kasi mas na linang pa ang kanilang kritikal na pag-iisip […]"* **– FGD 2** |
| | • "[…]*Mas naging masinop ako sa mga pagbabago,naging flexible at handa sa anumang posibleng hamong dulot ng kurikulum dahil ito mas napapatibay ang aking dedikasyon at kasanayan sa pagtuturo."* **– IDI 3** |

| | |
|---|---|
| **Pagiging Masinop at Maparaan sa Pagtuturo** | • **"**[...] *Kinakailangang maging masinop tayo sa mga bagong gawain at trabaho mga bagong estratehiya at mga panibagong hamong dulot dapat nating maabot ang mga bagong pamatayan sa pagtuturo...* **" - IDI 4**<br><br>• **"***Ang isang guro ay kinakailangang maging masinop, maging resourceful, maging ngayon sa ilalim ng matatag kurikulum…* **" – FGD 2**<br><br>• "[…]*Sa totoo lang hindi madali ang mga pagbabago pero dahil sa matatag kurikulum natutunan kong maging mas masinop at mas maparaan sa aking pagtuturo*[**…]" – FGD 4** |
| **Paghingi ng Suporta sa Propesyonal na Pag-unlad** | • *"Yung mungkahi talaga at rekomendasyon ko ay kailangan talaga namin ng suporta para sa mga materyales at sanggunian para sa mga aralin, sana mas dalasan ang pagbibigay ng mga materyales, at mga seminar workshops upang makalikum kami ng marami pang kaalaman at estratehiya sa pagtuturo* […]" – **IDI 1**<br><br>• **"[…]***Bigyang tugon ang mga pangangailngan ng mga guro kasi papaano maibibigay ng mga guro ang sapat na edukasyon ang kalidad na edukasyon sa magaaral kung sila mismo hindi nila maibigay ang tama na resources para sa amin mga guro* […]" – **IDI 2**<br><br>• "[…]*Magiging tulong sana kung magkakaroon kami ng regular na seminar, workshop at mentoring sessions, lalo na para sa mga gurong kagaya ko nangangailangan ng dagdag na suporta sa bagong pamamaraan ng pagtuturo* […]" – **IDI 4**<br><br>• **"[…]***Mungkahi ko at rekomendasyon na maari kung ibahagi sa paaralan at maging sa maatas na pamantasan ay unang una pagbibigay ng mga angkop na mga palihan, mga traning at workshop sa mga guro sa ilalim ng matatag kurikulum* [...]" – **FGD 2** |
| ***Pagpapalakas ng Katatagan at Kakayahang Umangkop*** | • *"Maging matatag sa pagtuturo, kasi nakasalalay sa atin ang pagkatuto ng mga kabataan, taasan ang pasensya, maging inobatibo sa mga pagbabago dulot ng matatag kurikilum, at higit sa lahat ibigay ang buong makakaya at ituro ang mga pangangailangan ng ating mga-aaral […]" – **IDI 1***<br><br>• "[…]*Maging matatag at laging handa sa anumang pagbabago, tapos bigyan pa nang mga magagandang aktibidad ang mga mag-aaral nang sagayon ay mas mahasa pa ang kanilang kakayahan sa pagkatuto* […]" – ***IDI 2***<br><br>• ***"****Ang payo ko sa kapwa ko guro, ay maging bukas sa pagbabago at patuloy na matuto. At maging matatag no hindi lang sa kurikulum ang pagiging matatag kundi pati narin tayo mga guro, at mahalaga rin ang pakikipagtulungan naming sa isa't-isa* […]" – ***IDI 3***<br><br>• "[…]*Maging matatag lang, mula mismo sa salitang maging matatag lang, yes, from the word matatag kurikulum, maging matatag lamang kasi yun na nga hindi naman talaga maiiwasan yung kahirapan lalong lalo na sa pag-aaral ng mga aralin, ngunit ikan ga nila learning is a continuous process, so maging bukas lang sa mga pagbabago huwag paghinaan ng loob kasi lahat ng naman ng mga problema ay may solusyon so yun lang maging positibo at maging matatag* […]" ***(FGD-03)*** |

## IV.DISKUSYON

**Karanasan ng mga Pampublikong guro sa Filipino sa Ilaim ng Makabagong Kurikulum.** Ang tanong na ito ay nakapokus sa mga karanasan ng mga guro sa Filipino ng ikapitong baitang na nagtuturo sa ilalim ng MATATAG kurikulum. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa kanilang mga karanasan, ang pananaliksik na ito ay naglalayong pagaanin ang mga potensyal na hamon, estratehiya at implikasyon ng pagtuturo sa ilalim ng makabagong kurikulum. Ang iba't ibang mga may akda ay nagpakita ng mga pahayag na nagtutugma sa mga karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng MATATAG kurikulum.

Ang mga natuklasan sa pananaliksik nila Lobitaña et al. 2024 ang pag-uuri sa mga temang nabuo batay sa mga tugon ng mga kalahok. Ang unang temang lumitaw ay ang **Hamon ng Oras sa Epektibong Pagtuturo.** Dahil sa limitadong oras sa klase kinakailngan maging mas maayos at sistematiko ang paraan ng pagtuturo upang matiyak na nauunawaan ng mga mag-aaral ang bawat aralin. Nangangahulugan na hindi lang basta pagsaulo sa mga aralin at istruktura ng asignatura kundi ang pag-unawa sa lohika at likod ng bawat solusyon upang maisakatuparan ito sa loob ng 45 minuto ay malinaw na pamamahala sa oras kung saan bawat bahagi ng klase ay may nakatalagang oras upang walang mahahalagang konsepto ang maiiwan. Sa ganitong paraan nagiging mas epektibo at makabuluhan ang pagtuturo ng asignaturang Filipino sa kabila ng limitadong oras.

Ayon sa resulta ng pananaliksik sa pagsusuri na isinagawa nina Shimkins at Maier (2023), napag-alaman na ang epektibong pagtuturo ay nangangailangan ng malalim na pag-unawa sa kung paano natututo ang mga mag-aaral. Binanggit nila na ang mga prosesong pangkognitibo tulad ng pagbuo ng koneksyon sa kaalaman, pagsasanay sa mas mataas na antas ng pag-iisip ay hindi maaaring madaliin. Gayunpaman, sa isang sistemang pang-edukasyon kung saan ang mga guro ay may limitadong oras sa bawat aralin, nagiging mahirap para sa kanila na maisakatuparan ang mga estratehiyang ito. Sa madaling sabi, ang pananaliksik ay maaaring gamitin upang ipakita kung paano nagiging hadlang ang oras sa paglalapat ng mahuhusay na estratehiya sa pagtuturo, na siyang mahalagang aspekto ng epektibong edukasyon.

Ito ay naaayon sa pag-aaral ng DepEd (2023), ang kakulangan sa oras ay isa sa pangunahing hamon na kinakaharap ng mga guro sa ilalim ng MATATAG kurikulum. Bagama't malinaw ang layunin ng kurikulum na paunlarin ang kalidad ng edukasyon sa pamamagitan ng modernisasyon, praktical, at pagkakapantay-pantay, tila hindi sapat ang nakalaang oras upang maisakatuparan ang mga layuning ito sa aktwal na pagtuturo. Ayon sa mga kalahok, maraming pagkakataon na hindi natatapos ang isang aralin dahil sa dami ng mga paksa at limitasyon sa oras ng klase. Lalong lumalala ang suliraning ito sa mga mag-aaral na nangangailangan ng higit na paggabay, dahil hindi sapat ang oras upang matugunan ang kanilang natatanging pangangailangan.

**Kakulangan ng Kagamitan at Sanggunian.** Maraming mga guro ang humaharap sa iba't ibang hamon sa patuturo, kagaya ng kakulangan ng kagamitan at sanggunian ay isang malaking hamon para sa mga guro sapagkat nagiging hadlang ito sa kanilang epektibong pagtuturo. Dahil sa limitadong *access* sa aklat, *modules* at iba pang mga materyales madalas ay napipilitan silang gumawa ng sariling kagamitan upang matugunan ang pangangailangan ng kanilang mga mag-aaral. bukod dito nagiging mahirap para sa kanila na maihatid ang mga aralin ayon sa itinakdang pamantayan ng kurikulum, lalo na kung ang mga sanggunian ay hindi napapanahon o hindi angkop sa konteksto ng kanilang mga mag-aaral.

Bukod dito, inilahad din ni Villanueva (2021), na nagsasaad na karagdagan, ang kawalan ng sapat na aklat, *module* at iba pang sanggunian ay nagiging malaking balakid sa kanilang epektibong pagtuturo. Mas nangangailangan sila ng sapat na gabay at materyales upang maihanda ang kanilang sarili sa pagtuturo ng wika at panitikan. Sa kulangan ng sanggunian napipilitan silang magsaliksik ng mas malawakan, lumikha ng sariling materyales o umasa sa internet bilang alternatibong pinagmulan ng kaalaman. Mahalagang magkaroon ng mas epektibong sistema sa pagbibigay ng sapat na materyales at pagsasanay para sa mga guro upang matulungan silang mapadali ang kanilang pagtuturo.

Kaugnay rito, binigyang diin ni Dulin (2021) kung paano ito nakaapekto sa kalidad ng edukasyon ng mga pampublikong guro. Isa sa mga pangunahing hamon na binanggit sa ganitong konteksto ay ang kakulangan ng kagamitan at sanggunian lalo na sa pagsasanay ng mga mag-aaral sa epektibong paggamit ng wika sa iba't ibang disiplina. Maraming mga guro ang nahihirapang maghanap ng angkop na sanggunian na suporta sa pangangailangan ng kanilang mga mag-aaral, ang kakulangan ng kontekswalisadong materyales ay nagiging hadlang sa integrasyon ng wika at sa iba't ibang larangan. Makikita na ang kakulangan ng kagamitan at sanggunian ay hindi lang simpleng kakulangan sa pisikal na materyales, kundi isang sistematikong suliranin na may direktang epekto sa kahandaan ng mga guro pati na rin sa mga mag-aaral sa akademikong at propesyonal na pag-unlad.

**Hamon sa Pagkatuto ng mga Mag-aaral.** Sa isinagawang panayam, na malaking hamon ang kinakaharap ng mga mag-aaral sa ilalim ng matatakurikulum lalo na sa asignaturang filipino. Nahihirapan ang mga mag-aaral sa pag-unawa ng mga aralin lalo na kung hindi sila bihasa sa akademikong paggamit ng filipino. Paggamit ng filipino sa akademikong konteksto ay naging mahirap unawain para sa ilang mag-aaral.

Lumabas din sa pag-aaral nina Helker et al. (2024), na ang paraan ng pagkatuto kung saan ang mga mag-aaral ay naharap sa tunay na suliranin at kailangang humanap ng solusyon sa pamamagitan ng aktibong pagsisiyasat at pakikipagtulungan sa epektibong pagpapabuti ng kritikal na pag-iisip at maglikhaing paglutas ng problema sa tunay na buhay, ay may mga hamon din itong dala sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Isa sa mga pangunahing hamon ay maraming mga mag-aaral ang sanay sa tradisyonal na pamamaraan ng pagtuturo na nakasentro sa guro kaya nagiging mahirap para sa kanila ang maging mas malaya at responsable sa kanilang pagkatuto. Dagdag pa rito, maaaring maging hamon sa mga mag-aaral na hindi sanay makipaghalubilo sa iba o may limitadong kasinayan sa komunikasyon.

Sa ilalim ng makabagong sistema ng edukasyon isa sa mga pangunahing hamon sa pagkatuto ng mga mag-aaral ay ang kakulangan ng agarang gabay mula sa guro, lalo na sa mga konseptong mahirap intindihin. Ipinakita sa pananaliksik ni Kitane (2022), na maraming mag-aaral ang nahihirap ang unawain ang aralin dahil sa limitadong interaksyon sa guro at kakulangan ng suporta mula sa paaralan. Maraming mag-aaral ang may kahinaan sa mga pangunahing kasanayan tulad ng pagbasa at pag-unawa ng simpleng salita, na nagiging hadlang sa kanilang pagkatuto ng mas mahihirap na aralin

**Balakid sa Epektibong Pagpapatupad ng Lesson Exemplar.** Sa ilalim ng matatag kurikulum ang lesson exemplar ay naglalayong gabayan ang mga guro sa pagpapadaloy ng kanilang klase batay sa mga itinakdang layunin ng kurikulum. Gayunpaman, may mga balakid na nagiging hadlang sa maayos na pagpapatupad nito.

Ayon kay Herrera (2020), na ang malinaw na isang malaking hamon sa pagsunod sa lesson exemplar ang mataas na pamantayang itinakda dito. Bagamat may gabay na ibinibigay hindi ito laging madaling ipinapatupad sa aktwal na sitwasyon sa klase, lalo na't hindi lahat ng competency ay kayang isakatuparan sa itinakdang oras. Mahirap iangkop ang lahat ng aspeto ng lesson exemplar sa iba't ibang sitwasyon sa silid-aralan, na nagiging pagsubok ng mga guro ang pagtuturo ng lahat ng competency dahil sa kakulangan ng oras at pagsasaayos ng mga materyales.

Kaugnay ng nabanggit, inilahad nina Abelgas et al., (2024) isang malaking hamon para sa mga guro ang epektibong paggamit ng lesson exemplar, lalo na kung hindi ito ganap na akma sa realidad ng kanilang silid-aralan. Bagama nilalayo nitong gabayan ang mga guro sa mas maayos na daloy ng pagtuturo, madalas itong nagiging mahirap ipatupad dahil sa mga hadlang gaya ng wika, limitadong pagsasanay, at kakulangan ng mga kailangang kagamitan. Halimbawa, may mga aral na hindi agad nakaunawang mga aralin dahil sa wikang ginagamit sa exemplar hindi nakasandig sa kanilang pang araw-araw na gamit. Bukod dito, hindi lahat ng guro ay nabibigyan ng sapat na pagsasanay kung paano mas epektibong magagamit o maisasaayos ang mga competency na nakasaad sa lesson exemplar upang umayon sa kanilang klase. Dahil dito nagiging malaking hamon sa mga guro kung paano sila magiging malikhain sa pag-angkop ng mga aralin upang tunay na makuha ang interes sa kanilang mag-aaral.

**Pagtugon ng mga pampublikong guro sa Filipino sa mga hamonng nararansan sa Pagtuturo dala ng Matatag kurikulum.**

Sa mga naanalisang pahayag mula sa tugon ng mga partisipante sa ikalawang katanungan, nakabuo ang mananaliksik sa apat (4) na tema: (1) Pag-aangkop at Pagpapabuti ng Pagtuturo; (2) Pagsasama ng Teknolohiya sa Pagtuturo; (3) Proaktibong Paghahanda at Pag-aangkop sa Pagtuturo; (4) Paglahok sa Pagsasanay at Propesyonal na Pag-unlad. Ang nabuong tema at nagsilbing sandigan at tumulong upang malampasan ang mga hamon.

**Pag-aangkop at Pagpapabuti ng Pagtuturo. Isa sa mga pundasyon tungo sa** panahon ng patuloy na pagbabago sa edukasyon, kailangan maging mas malikain at bukas ang mga guro sa pag-aangkop at pagpapabuti ng kanilang paraan ng pagtuturo upang mas matunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral. Sa ilalim ng matatag kurikulum, may mga gabay tulad ng lesson exemplar, ngunit hindi ito nangangahulugang may isang tamang paraan lang ng pagtuturo.

Pinalawak naman ni Van Geel (2023) makikita na mahalaga ang kakayahang umangkop at magbabago ng pagkaroon upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral. Ipinapakita ng kanilang mga pananaw at hindi lang sapat na sundin lamang ang nakasaad sa lesson plan kung ito ay hindi angkop sa aktwal na sitwasyon ng klase. Sa halip, kailangan maging malikhain ang mga guro sa pagbuo ng mga stratehiya at gawain na mas epektibong makatutulong sa kanilang mga mag-aaral. Dito pumasok ang papel na teknolohiya sa pagtuturo ito ay umaangkop sa mga pagbabago at pangangailangan ng mga guro at mag-aaral sa pamamagitan ng teknolohiya mas madaling makakahanap ang mga kuro sa alternatibong paraan ng pagtuturo, tulad ng paggamit ng interaktibong aplikasyon at iba pang makabagong kagamitan na maaaring maiakma sa iba't ibang istilo ng pagkatuto.

Batay sa pananaliksik ni Han (2024), na ang pag-aangkop ng pagtuturo sa pangangailangan ng mga mag-aaral ay isang mahalagang tungkulin ng mga guro, nangangailangan ng pagiging malikhain mapanuri at handang gumamit ng iba't ibang estratehiya upang matiyak ang epektibong pagkatuto. Makikita na ang mga guro ay hindi basta sumusunod sa lesson exemplar kundi binabago ito ayon sa kakayahan at pangangailangan ng kanilang mga mag-aaral. Ang ganitong kakayahang umangkop ay nagpapakita na may inisyatibong bumuo ng sariling stratehiya o aktibidad upang mas epektong maisakatuparan ang mga layunin sa pagtuturo.

**Pagsasama ng Teknolohiya sa Pagtuturo.** Sa makabagong panahon, hindi maikakailan ang malaking papel ng teknolohiya sa pagpapabuti ng sistema ng edukasyon. Mula sa traditional na pisara at aklat, unti-unting lumilipat ang mga paaralan sa paggamit ng mga pang teknolohiyang kagamitan, at iba't-ibang makabagong kagamitan upang mapadali at mapalawak ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Sa gitna ng mga pagbabagong

ito mahalagang maunawaan ang teknolohiya ay hindi lamang isang kasangkapan kundi isang mahalagang bahagi ng mas epektibong pagtuturo.

Samakatuwid, ayon naman kina Bacalla (2019), na ang kurikulum sa mga publikong paaralan ay idinisenyo upang tugunan ang mga hamon ng makabagong edukasyon sa Pilipinas sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa lokal na konteksto at pandaigdigang pamantayan. Bahagi ng layuning ito ang integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo upang mapalawak ang karanasan sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa tulong ng teknolohiya, mas napapalalim ang kanilang kritikal na pag-iisip, literasiya, at gayundin ang pagpapahalaga sa mga asignaturang may kinalaman sa agham at teknolohiya. Layunin din ng matatag curriculum na gamitin ang makabagong kagamitan sa paglinang ng kaalaman sa kasanayan, kultura, at wika ng Pilipinas. Sa ganitong paraan, mas nagiging makabuluhan at akma ang kasalukuyang panahon ang pagkatuto ng mga mag-aaral, itinatampok din ng curriculum ang paggamit ng teknolohiya bilang tulay sa mas epektibong pagkatuto gamit ang sariling wika, na nakatutulong sa akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral at guro.

Kaugnay ng nabanggit, inilahad naman ni Montecino (2024), na ang paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo ay naiimpluwensya ng iba't ibang salik tulad ng paggamit ng mga digital na kagamitan, suporta mula sa paaralan, at personal na kagustuhan ng guro sa paggamit ng makabagong pamamaraan, ang ilan ay regular na gumagamit ng teklehiya sa kanilang pagtuturo tulad ng gamit ng mga educational apps, at online assessment tools, habang iba naman ay limitado ang paggamit dahil sa kawalan ng sapat na pagsasanay o pasalidad. Sa kabila nito, patuloy ang pagsisikap ng mga guro na palawakin ang kanilang kaalaman sa teknolohiya upang mas maipahayag nang mas malinaw ang mga konsepto at mas mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral.

**Proaktibong Paghahanda at Pag-aangkop sa Pagtuturo.** Sa patuloy na pagbabago ng sistema ng edukasyon, mahalaga para sa maguro na maging proktibo sa kanilang paghahanda at pag-aangkop sa mga makabagong pamamaraan ng pagtuturo. Ang mabilis na pag-usbong ng bagong kurikulum at pagkakaiba-iba ng pangangailangan ng mga mag-aaral ay ilan lamang sa mga hamong kinakaharap ng mga guro sa upang matiyak ang epektibong pagtuturo, kailangang maging bukas ang mga guro sa paggamit ng iba't ibang stratehiya kabilang ang pagsasama ng mga kagamitan, pagbabagong anyo ng mga tradisyonal na pamaraan at pagsasaayos ng kanilang pagtuturo batay sa konteksto ng kailangan ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng maingat na paghahanda at patuloy na pag-aangkop nagiging mas epektibo ang pagtuturo.

Ayon kay Žitňáková (2020), na tumutukoy sa kakayahan ng mga guro na maagap na harapin ang mga hamon sa kanilang propesyon sa pamamagitan ng maagang pagpaplano, epektibong estratehiya, at positibong pag-uugali. Kasama rito ang pagiging handa sa mga pagbabago sa kurikulum, pagbuo ng mga malikhaing solusyon sa mga suliranin sa silid-aralan, at paglinang ng personal na katatagan upang mapanatili ang kalidad ng pagtuturo at kagalingan sa propesyon.

Ito ay sinang-ayunan sa pag-aaral ni Alasmari (2024), ang ugnayan ng mga praktibo at reaktibong estratehiya sa pamamahala ng silid-aralan at pansariling bisa ng mga guro. Natuklasan na mas epektibo ang proktibong estratehiya lalo na sa mga gurong may mas mahabang karanasan sa pagtuturo. Maging handa na baguhin ang mga plano sa pagtuturo ayon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral kung nakikitang hindi epektibong isang partikular na diskarte huwag mag-atubiling subukan ang isang bagong paraan at gumamit ng iba't ibang mga diskarte sa pagtuturo at mga aktibidad.

**Paglahok sa Pagsasanay at Propesyonal na Pag-unlad.** Isang mahalang hakbang para sa mga guro upang mapanatili ang kanilang kaalaman at kasanayan sa pagtuturo. At patuloy na pag-aaral ay nagbibiggay-daan sa kanila na manatiling napapanahon sa mga pinakabagong pamamaraan, teknolohiya, at kurikulum, na nagpapabuti sa kanilang kakayahang magturo at matulungan ang mga mag-aaral na matuto nang epektibo.

Pinayabong ni Anane at Kuranchie (2022), na patuloy na pagkatuto ng mga guro ay isang mahalagang aspekto ng epektibong edukasyon. Ang propesyonal na pag-unlad ay isang sistematikong proseso ng pagpapabuti sa kaalaman at kasanayan ng mga guro upang mapabuti ang kalidad ng pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa harap ng mabilis na pagbabago sa kurikulum at pamamaraan, ang patuloy na pagsasanay ay nagiging pangunahing salik upang matugunan ang mga hamon ng makabagong edukasyon. Ang pagsasanay at propesyonal na pag-unlad ay may mahalagang papel sa pagpapabuti ng kalidad ng pagtuturo at sa pagpapatibay ng kakayahan ng mga guro.

Kaugnay rito, binigyang-diin din ni Zhang et al., (2021), na ang patuloy na propesyonal na pag-unlad ay isang mahalagang aspekto ng epektibong pagtuturo at pang matagalang pagkatuto ng mga guro. At nagbibigay daan sa mga guro upang mapaunlad ang kanilang kaalaman, kasanayan, at pananaw sa pagtuturo, na may direktang epekto sa kanilang pagganap at sa kalidad ng edukasyon. Gayunpaman, ang antas ng partisipasyon ng mga guro ay naiimpluwensyahan ng iba't ibang salik kabilang ang kanilang personal na motisasyon at mga kondisyong umiiral sa paaralan. Dahil dito, mahalagang maunawaan ang ugnayan ng mga personal at pang-institusyong salik sa motibasyon ng mga guro sa paglahok ng mga pagsasanay. At masusing pagsusuri sa mga aspektong ito ay makakatulong sa pagpapabuti ng mga programa sa pagsasanay at sa paglikha ng mas epektibong patakaran upang mapanatili ang mataas na antas ng propesyonal nakapag-unlad sa sektor ng edukasyon.

**Ang mga mithiin at Pananaw na Natutuhan ng mga Pampublikong Guro sa Filipino mula sa Karanasan sa mga hamon dala ng Matatag kurikulum.** Sa mga naanalisang pahayag mula sa tugon ng mga partisipante sa ikatlong katanungan**,** nakabuo ang mananaliksik ng apat (4) tema: (1) **Paglinang ng Kritikal na Pag-iisip at Aktibong Partisipasyon ng Mag-aaral; (2)** Pagiging Masinop at Maparaan sa Pagtuturo; (3) Paghingi ng Suporta sa Propesyonal na Pag-unlad; (4) Pagpapalakas ng Katatagan at Kakayahang Umangkop.

**Paglinang ng Kritikal na Pag-iisip at Aktibong Partisipasyon ng Mag-aaral;** Sa makabagong kurikulum ang paglinang ng kritikal na pag-iisip at aktibong partipasyon na mag-aaral ay mahalagang aspekto ng epektibong pagkatuto. Salik na maging positibo tagatanggap lamang ng impormasyon, kailangang mahikayat ang mga mag-aaral na maging mapanuri, malikaing nag pag-iisip at may kakayahang magpahayag ng kanilang opinyon batay sa lohikal na ang kritikal na pag-iisip ay hindi lamang tungkol sa pag-aanalisa ng mga ideya kung pati na rin sa kakayahang magtanong, magsuri, at makabuo ng sariling pananaw batay sa ebidensya.

Ang datos mula sa pananalisik na ito ay pinagtibay sa pamamagitan ng pag-aaral ni Bacalla (2019), na ang MATATAG kurikulum para sa mga pampublikong paaralan at disney upang harapin ang mga hamon ng makabang edukasyon sa Pilipinas. Isinaalang-alang ang mga lokal na konteksto habang umaayon sa pandaigdigang pamantayan. Layunin nitong palakasin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa kritikal na pag-iisip, literasiya, gayundin ang pagbibigay din sa agham at teknolohiya. Bukod dito, binibigyang halaga ng kurikulum na mas malalim na pag-unawa sa kasaysayan upang mahubog ng mga mag-aral bilang responsableng mamamayan at maging handa sa mga oportunidad sa hinaharap. Isa rin sa pinakamahalagang layunin nito ang pagpapalakas ng kakayahan ng mag-aaral na matuto gamit ang kanilang sariling wika, na may positibong epekto sa kanilang akademikong pag-unlad.

Samantala, inihayag nina Heard et al., (2020), sa makabagong kurikulum ang paglinang ng kritikal na pag-iisip at aktibong partipasyon na mag-aaral ay mahalagang aspekto ng epektibong pagkatuto. Salik na maging positibo tagatanggap lamang ng impormasyon, kailangang mahikayat ang mga mag-aaral na maging mapanuri, malikaing nag pag-iisip at may kakayahang magpahayag ng kanilang opinyon batay sa lohikal na ang kritikal na pag-iisip ay hindi lamang tungkol sa pag-aanalisa ng mga ideya kung pati na rin sa kakayahang magtanong, magsuri, at makabuo ng sariling pananaw batay sa ebidensya.

**Pagiging Masinop at Maparaan sa Pagtuturo**. Ang pagiging masinop ay nanghuhulugang ng maingat at epektibong paggamit ng mga sanggunian, habang ang pagiging maparan ay tumutukoy sa kakayahang humahanap ng malikhaing solusyon sa iba't ibang hamon sa pagtuturo. Sa harap ng limitadong kagamitan, magkakaiba kakayahan ng mga mag-aaral, at pagbabago sa kurikulum, kailangang maging mas masinop at inobatibo ang mga guro upang matiyak na ang bawat mag-aaral ay natututo ng epektibo. Ang papel na ito ay tatalakay kung ano ang maaaring gamitin ng mga pagiging masinop at maparaan upang mapabuti ang kanilang pagtuturo at mapalakas ang motibasyon ng mga mag-aaral.

Pinalawak naman nina De Leon et al., (2022), na ang pagiging maparaan ng pagtuturo ay nagpapakita ng kakayahan ng guro na mag-adjust sa iba't ibang sitwasyon. Ang isang masinop na guro ay marunong gumamit ng limitadong materyales ng may epektibong stratehiya. Sa panahon ng modernisasyong kurikulum, kailangang maging masinop at mapara ng mga guro upang masigurong natututo ang mga mag-aaral sa kabila ng hamon sa edukasyon. Hindi sa dami ng rekurso nakasalalay ang epektibong pagtuturo, kondi sa pagiging malikhain at may kakayahang isa konteksto ang mga aralin upang mas madali itong maunawaan ng mga mag-aaral.

Isinasaad sa pag-aaral ni Aina at Abdulwasiu (2023), na maging masinop at maparaan sa pagtuturo isang mahalagang katangian ng isang epektibong guro, lalo na sa harap ng limitadong mapagkukunan at iba't ibang hamon sa edukasyon ang isang masinop na guro ay mahusay sa pamamahala ng oras, kagamitan, at estratehiya upang matiyak na bawat aralin ay naipapaliwanag ng malinaw at epektibo. Samantala, ang pagiging maparaan ay nangunguluhan ng kakayahang humahanap ng malikhaing solusyon sa mga suliranin sa silid aralan tulad ng paggamit ng mga alternatibong materyales o paghahangkop ng mga pamamaraan sa pagtutura upang matugunan ang iba't ibang pangangailangan ng mga mag-aaral.Sa pamamagitan ng pagiging masinop at maparaan, nagiging mas epektibo ang pagtuturo mas engganyo ang mga mag-aaral at mas nagiging makabuluhan ang proseso ng pagtuturo.

**Paghingi ng Suporta sa Propesyonal na Pag-unlad.** Isa sa mga pananaw ng mga guro ay ang paghingi ng suporta sa propesyonal na pag-unlad ay isang mahalagang hakbang para sa patuloy na paglinang ng kakayahan at kaalaman ng mga guro. Sa mabilis na pagbabago ng sistema ng edukasyon, kinakailangang manatiling bukas ang mga guro sa mga bagong kaalaman, pamamaraan, at teknolohiya na makatutulong sa kanilang pagtuturo.Ang support ay maaaring manggaling sa iba't ibang anyo, tulad ng pagsali sa mga seminar at workshop, o pakikilahok sa mga propesyonal na organisasyon na nagbibigay ng patuloy na pagsasanay. Sa pamamagitan nito, nagkakaroon ng pagkakataon ng mga guro na mapalawakan nilang kasanayan, matuto mula sa iba pang eksperto at maibahagi rin ang kanilang sariling karanasan sa iba.

Pinayabong ni Santos (2021), na hingil sa bagong kurikulum ay nakabatay sa kung paano nila nararanasan ang balanse sa pagitan ng pagsunod ng mga pamantayan at pagtugon sa aktwal na pangangailangan sa kanilang pagtuturo. Ang kanilang pananaw sa inklusibong edukasyon ay nakasalalay sa pag-unawa sa iba't ibang pangangailangan ng mga mag-aaral at kung paano hinahaya ang umangkop at magbago ang kurikulum upang matugunan ang mga ito. Guyunpaman, naniniwala ang maraming guro na ang pagiging eklusibo ng curriculum ay hindi lamang nakatuon sa nilalaman, kundi sa kabuuang sistema ng paghahanda at suporta sa kanila bilang mga tagapaghatid ng edukasyon. Kailangan nila ng tuloy-tuloy na propesyonal na pag-unlad, sapat na pagsasanay, at malinaw na gabay upang maunawaan at may sa katuparan ang mga layunin ng bagong kurikulum. Sa ganitong konteksto, ang mas matatag na ugnayan at kooperasyon sa pagitan ng mga guro, administrasyon, at mga institusyong pang-edukasyon ay mahalaga upang makabuo ng isang epektibong sistemang sumusuporta sa patuloy na pagbabago at tagumpay ng mga guro sa kanilang propesyon.

Dagdag naman ni Inciso (2023) ang pagsubaybay sa pagtuturo sa mga gurong nagsasanay sa ilalim ng matatag kurikulum ay isang mahalagang hakbang upang mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pananaliksik at mapapabuti ng kanilang mga estratehiya sa pagtuturo. Sa pamamagitan ng gabay mula sa mas may karanasang guro o mentor, mas nagkakaroon ng malinaw na direksyon ang proseso ng pananaliksik mula sa pagpili ng suliraning pag-aaralan, pagdidisenyo ng metodolohiya, pangangalap ng datos, hanggang sa pagsusuri ng resulta at pagpapatupad ng mga pagbabago sa loob ng kurikulum. Mahalaga ang patuloy na pagsubaybay upang matiyak na ang mga guro ay nagkakaroon ng sapat na suporta sa kanilang pananaliksik, na hindi lamang nagpapabuti sa kanilang kasanayan bilang guro kundi nag-aambag din na mas epektibong pagtuturo. Sa ganitong paraan, nagiging masistematiko at makabuluhan ang kanilang pagsisikap sa pagbibigay ng de kalidad na edukasyon batay sa kurikulum at tunay na pangangailangan ng kanilang mag-aaral.

Ang panghuling temang lumitaw na nabuo ng mga kalahok at importante ay ang **pagpapalakas ng Katatagan at Kakayahang Umangkop.** Ayon sa mga guro ang pagpapalakas ng katatagan at kakayahan umangkop ay napakahalaga sa mga panahong puno ng pagbabago at hamon. Upang makamit ito, mahalagang pagyamanin ang kaalaman at kasanayan sa pamamagitan ng patuloy na pag-aaral at pagsasanay. Ang pagkakaroon ng suporta mula sa paaralan, kagawaran at komunidad ay nakatutulong sa pagbuo ng matibay na ugnayan, kailangan ding magsagawa ng repleksyon sa sarili upang maunawaan ang mga sariling emosyon, lakas, at hinaan na nagiging batayan ng personal na paunlad. Sa positibong pananaw sa pagtuturo ay nagpapalakas ng loob sa harap ng mga balakid, samantalang ang maayos na pagpaplano at paghahanda para sa mga potensyal na hamon ay nagdadala ng kumpiyansa.

Ayon sa pag-aaral nina Kangas-Dick at Shaughnessy (2020), kapag sinasabing interbasyon na nagtataguyod ng katatagan ng mga guro batay sa isang sistematikong pagsusuri ng kurikulum, mahalagang itampok ang mahalagang natuklasan at implikasyon, ito ay nagpapalakas ng katatagan ay maaaring binubuo ng iba't ibang stratehiya tulad ng trainings, mga programang pang propesyonal na pag-unlad, at mga sistemang pang organisasyon na nagbibigay ng suporta. Makabubuting pagtuna ng pansin ang bisa ng mga interbensyong ito sa pagpapahusay ng pagpapalakas ng katatagan at kakayahang umangkop, gayundin ang pagtukoy sa anumang kakulangan sa umiiral na makabagong kurikulum.

Bilang karagdagan, nakumpirma sa pananaliksik ni Mallillin (2021), ang propesyon sa pagtuturo ay isang dinamikong larangan ng pagpatuloy na humaharap sa mga pagbabago sa kurikulum. Upang maging epektibo kailangang magkaroon ng mga guro ng malalim na pag-unawa upang maihatid ang kamakabuluhang edukasyon sa kanilang mga mag-aaral. Ang pagiging guro sa makabagong panahon ay nangangailangan ng malalim na pag-unawa sa pagpapalakas ng katangian at kakayang umangkop sa anumang pagbabago. Kinakilalang maging bukas ang guro sa bagong kaalaman, handang umangkop sa pangangailangan ng mga mag-aaral, at sensitibo sa kanilang karanasan.

**Implikasyon sa Edukasyon**

Ang resulta sa pananaliksik na ito ay nagpamalas ng konkretong ebedinsya na ang mga pampublikong guro sa ilalim ng MATATAG kurikulum ay nagkakaroon ng iba't ibang karanasan at pahayag ng kanilang mga pananaw at saloobin ukol sa mga hamon na dala ng MATATAG kurikulum. Sa pamamagitan ng malalim na pagsusuri at pagpapakita ng kanilang mga karanasan, nabibigyan ng boses ang mga kalahok upang maipahayag ang kanilang mga paraan at pananaw sa makabagong kurikulum o mas kilala sa tawag na MATATAG kurikulum.

Ang resulta ng pananaliksik na ito ay nagbunyag ng mga hamon at epekto ng MATATAG kurikulum sa pagtuturo at pagkatutong mga mag-aaral sa pampublikong paaralan. Lumitaw sa mga temang nabuo na may malaking epekto ang bagong kurikulum sa kakayahan ng mga guro na maihatid ng epektibo ang aralin, lalo na sa konteksto ng kanilang kahandaan, at pangangailangang iangkop ang mga bagong pamantayan sa bawat mag-aaral.

Sa karagdagan, ang mga karanasang ito ng mga guro ay nagbigay daan upang magbigay tugon sa epektibong paraan ang mga hamong kanilang naranasan sa pagtuturo at pamamahala nila sa ilalim ng MATATAG kurikulum. Ang mga naging tugon na ito ay higit na makakatulong sa mga guro at mag-aaral sa mas epektibo at interaktibong pagkatuto. Kung kaya't ang mga guro, magulang, mga kinauukulan at iba pang mga pamunuan ng

paaralan ay maaaring magsagawa ng iba't ibang programa, pagsasanay na siyang magiging daan upang ang mga pampublikong guro sa Filipino ay mas maging handa at mas mapaunlad pa nila ang kanilang sarili lalo na sa aspeto ng pagtuturo at pamamahala nila sa silid-aralan, makakatulong upang mapag-usapan ang Kinakaharap na suliranin ng mga guro at mag-aaral. Bukod dito, natukoy rin na nahihirapan ang mga mag-aaral sap ag-unawa ng mga bagong estratehiya sa pagtuturo at may kakulangan sa pundamental na kasanayan sa pagbasa at pagsusulat, na lalong pinapahirap ng dating epekto ng kurikulum. Bukod dito, iba-iba ang paraan ng pagtanggap at pag-aangkop ng mga guro sa MATATAG kurikulum,kung kaya't mahalaga ang patuloy na pagsasanay, suporta, at pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga guro, mag-aaral, at administrasyon upang mas mapabuti pa ang kalidad ng edukasyon sa ilalim ng MATATAG kurikulum.

Sa pagsasagawa ng penomenolihikal na pananaliksik na nito sa karanasan ng mga pampublikong guro sa Filipino sa ilalim ng MATATAG kurikulum, lumalabas sa result ana ito ay higit makatutulong sa kagawaran ng edukasyon, sa mga guro, admistrasyon ng paaralan. Sa pamamagitan ng malalim na pagsusuri at pagpapakita ng karanasan, pagtugon ng mga pananaw ng mga pampublikong guro sa pagtuturo sa ilalim ng makabagong kurikulum, ang pananaliksik na ito ay nagsisilbing ugat upang makapagsagawa ang mga kinauukulan ng angkop at wastong pang-akademikong aktibidad makapagsagawa na mas magpapalalim at magiging epeiktibo ang pagtuturo at pagkatuto ng mga guro at mag-aaral sa loob ng isang taong panuruan.

Sa kagawaran ng edukasyon maaring tiyakin na may maayos na mga patakaran at protokol sa kalusugan upang masiguro ang kaligtasan ng mga mag-aaral at guro sa pagpasok sa paaralan. Ang Kagawaran ng Edukasyon ay maaring gumawa ng mga hakbang upang mapanatili ang kalidad ng edukasyon sa pagtuturo sa ilalim ng MATATAG kurikulum. Ito ay maaaring maglunsad ng mga programa kagaya na lamang ng mga pagsasanay, pangkatang pagkatuto, paglaan ng oras sa pagbabasa, o gumamit ng teknolohiyang makakatulong sa edukasyon. Maaaring maglaan ng mga serbisyong pang-psikolohiya para sa mga mag-aaral at guro upang matulungan ang mga ito na makatugon sa mga bagong pagsubok na kaakibat ng makabagong kurikulum. Ang Kagawaran ng Edukasyon ay maaring maglaan ng mga pag-aaral at malaman ang epekto ng kurikulum sa mga mag-aaral at guro. Ito ay makakatulong sa pagbuo ng mga hakbang kung kinakailangan. Ang kagawaran ng edukasyon ay maaaring humiling ng karagdagang pondo mula sa pamahalaan para sa pag- implementa ng mga kinakailangang hakbang at proyekto na kaakibat ng pagtuturo sa ilalim ng MATATAG kurikulum.

**Implikasyon para sa mga Hinaharap na Mananaliksik**

Ang resulta ng panalsik na ito ay batay lamang sa mga karanasang ibinahagi ng mga kalahok at sumasalamin sa kanilang pananaw at saloobin hingil sa pagbabal ik ng klase sa ilalim ng matatag kurikulum. Dahil dito, iminumungkahi na magsagawa pa ng iba pang pananaliksik upang higit pang maunawaan ang mga hamon, estratehiya, at epektibong kasanayan ng mga pampublikong guro sa Filipino at sa pagsisigurong ang mga mag-aaral ay mas epektibong matututo sa bagong sistema ng edukasyon.

Sa pamamagitan ng pananaliksik na ito, maaari nila itong gamitin bilang isang gabay sa pag-aaral na kung saan ay maka kukuha sila ng mga datos tuwing magsasagawa ng isang pananaliksik. Ang pananaliksik na ito ay naglalaman ng mga impormasyon o detalye na makakatulong sa pagsasagawa ng pananaliksik na may kaugnay sa pag-aaral na ito. Ito ay dumaan sa mahaba at masusing proseso upang masiguro na ang mga nilalaman nito ay totoo at mapagkakatiwalaan.

Sa huli, magsisilbi itong mapagkukunan ng mga mahahalagang impormasyong batay sa nilalaman nito. Mapapadali at mapapagaan na lamang ang pagkuha ng mga impormasyon kapag ang mga kinakailangan ay mismong nakapaloob na sa ganitong pag-aaral. Ito ay napapanahon at detalyado kung kaya't ito ay malaking tulong sa mga mananaliksik na naghahanap ng mga bago at mapagkakatiwalaang impormasyon.

**Panapos na Pahayag**

Panapos na Pahayag Bilang isang mag-aaral sa kolehiyo na kumukuha ng kurso sa sekondaryang edukasyon, mayoryang Filipino, ako ay nagkaroon ng pagkakataon upang magsagawa ng isang pananaliksik na nakatuon sa karanasan ng mga pampunlikong guro sa Filipino na nagtutuaro sa ilalim ng matatag kurikulum. Ang naging resulta sa pananaliksik na ito ay nagbukas sa akin ng pagkakataon upang matuklasan ang iba't ibang karanasan, pananaw at saloobin ng mga pampublikong guro sa Filipino patungkol sa pagtuturo nila sa ilalim ng MATATAG kurikulum. Lubos akong humahanga sa kanila sa kabila ng kahirapang dinaranas sa kanilang patuturo sa ilalim na bagong kurikulum o mas kilala sa tawag na MATATAG kurikulum.

Ang pagpapatuloy ng mga guro sa bagong kurikulum ay tulay tungo sa kaalaman at kinabukasan ng Kabataan. Sa kanilang dedikasyon at paninindigan, sila ang ilaw na gabay sa paglalakbay ng mga mag-aaral tungo sa kaalaman at tagumpay. Sa bawat aral na ibinabahagi, sila'y nagbibigay inspirasyon, at sa bawat oras na inilalaan, sila'y nagtuturo hindi lamang ng mga leksiyon, kundi pati na rin ng mga buhay na aral. Sa kanilang mga kamay, ang pagbabalik sa silid-aralan ay nagiging mas makabuluhan at mas inspirasyonal. Ang mga matatamis na pangarap at ang kanilang mga mapait na karanasan ang kanilang ginawang inspirasyon upang makapagbahagi ng kaalaman at maging inspirasyon sa ba Nahirapan man sila sa pagtuturo sa ilalim ng matatag kurikulum, subalit

hindi ito naging rason sa kanila upang tumigil sa pagkintal ng kaalaman sa mga mag-aaral. Kung kaya't patuloy nating itaguyod at suportahan ang kanilang mahalagang papel sa ating lipunan.

Sa tulong ng aking tagapagpayo sa pananaliksik na siyang nagbibigaymotibasyon sa akin sa pagsagawa sa pag-aaral na ito. Sa pagsasagawa ko ng pananaliksik na ito, Na hindi lamang nagbigay ng mahalaga mungkahi at gabay, kundi nagsilbing inspirasyon upang ipagpatuloy ang aking layunin. Ang kanyang patuloy na paggabay ay nagpatibay sa aking paninindigan na masusing pag-aralan ang mga hamon at tagumpay ng mga guro sa ilalim ng MATATAG kurikulum. Ang kanyang dedikasyon sa larangan ng pananaliksik ay isang huwarang halimbawa na tunay na pagmamalasakit sa agham at edukasyon. Kung wala ang kanyang gabay hindi magiging ganito katibay at kahalaga ang aking pag-aaral. Kayat lubos ang aking pasasalamat sa kanya, hindi lamang bilang isang tagapagpayo kung bibilang isang mentor na nagbigay liwanag sa aking landa sa larangan ng panaliksik.

Panghuli, sa bawat hakbang ng panaliksik na ito mas lalo kung naunawan ang sakripisyo, dedikasyon, at pagsusumikap ng ating mga guro upang maitaguyod ang mataas na kalidad ng edukasyon sa kabila ng mga hamon. Ang kanilang mga karanasan ay nagsisilbing inspirasyon sa akin upang higit pang pagyamanin ang pag-aaral na ito at makapag-ambag ng makabuluhang kaalaman na maaaring makatulong sa pagpapaunlad ng ating sistema ng edukasyon. Dahil dito ang panansik na ito ay hindi lamang isang akademikong gawain kundi isang paraan ng pagbibigay pugay sa walang kapagurang paglilingkod ng ating mga guro. Sa pamamagitan ng masusing pagsusuri at malalimang pag-unawa sa kanilang mga karanasan, naway makatulong ang pag-aaral na ito sa pagbuo ng mas epektibong suporta at mga patakarang magpapabuti sa kanilang kalagayan at sa kalidad ng edukasyon sa bansa.

## TALASANGGUNIAN

[1] Aina, J. K., & Abdulwasiu, A. A. (2023). Teachers' Effective Use of Educational Resources and Their Effect on Students' Learning. *Universitepark Bulletin*, *12*(2).

[2] Alasmari, N. J., & Althaqafi, A. S. A. (2024). Teachers' practices of proactive and reactive classroom management strategies and the relationship to their self-efficacy. *Language Teaching Research*, *28*(6), 2158-2189.

[3] Anane, M., & Kuranchie, A. (2022). Analysing the benefits of teacher participation in training and development programmes. *US-China Education Review A*, *12*(4), 107-118.

[4] Bacalla, L. (2019). Pagtataya ng mtb-mle: Tugon sa pagpapaunlad ng implementasyon ng k to 12

[5] Braun, V., & Clarke, V. (2006). Using thematic analysis in psychology. *Qualitative research in psychology*, *3*(2), 77-101.

[6] Chakyarkandiyil, N., & Prakasha, G. S. (2023). *Cooperative learning strategies: Implementation challenges in teacher education.* Christ University, India.

[7] Cherian, R. M. (2020). *Pedagogy of the Virtual Space: Content Analysis of Voices from K-12 Online Classrooms of Four Indian Cities*. *Solid State Technology*, *63*(4), 2712-2723.

[8] Creswell, J. (2013). Research Design: Qualitative, quantitative,and mixed methods Approaches (4nd ed.). SAGE Publications

[9] Creswell, J. W., & Creswell, J. D. (2017). *Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches*. Sage publications.

[10] Csikszentmihalyi, M. (1975). *Beyond boredom and anxiety. San Francisco: Jossey-bass*.

[11] De Leon, J. I. B., Manarang, O. Z., & Sumaoang, N. P. J. (2022). Ang Zoom Bilang Platapormang Pang-edukasyon sa Pagtuturo ng Wika: Mga Repleksiyon at Rekomendasyon Mula sa Sistematikong Rebyu ng mga Literatura. *Dalumat E-Journal*, *8*(1), 1.

[12] Department of Education. (2023, January 30). *MATATAG: DepEd's new agenda to resolve basic education woes*.

[13] Dulin, A. T. (2021). Speaking across curriculum in the public university. *Linguistics and Culture. Review*, 100-112.

[14] Fitzgerald, T. (2023). Disrupting discourses and reclaiming public teacher education: A provocation. *Asia-*

[15] Han, M., Zhou, N., & Qiao, Z. (2020). Analysis of extension strategies for improving adaptive teaching ability of college teachers. *International Journal of Emerging Technologies in Learning (iJET)*, *15*(15), 147-161.

[16] Heard, J., Scoular, C., Duckworth, D., Ramalingam, D., & Teo, I. (2020). Critical thinking: Skill development framework.

[17] Helker, K., Bruns, M., Reymen, I. M., & Vermunt, J. D. (2024). A framework for capturing student learning in challenge-based learning. *Active Learning in Higher Education*, 14697874241230459.

*[18] Herrera, N. J. N. (2025). Challenges and Opportunities in Implementing the MATATAG Curriculum: A Scoping Review. International Journal of Multidisciplinary: Applied Business and Education Research, 6(2), 943-952.*

[19] *Herrera, N. J. N. (2025). Challenges and Opportunities in Implementing the MATATAG Curriculum: A Scoping Review. International Journal of Multidisciplinary: Applied Business and Education Research, 6(2), 943-952.*

[20] Inciso, A. A. C. Pasubaybay na Pagtuturo sa mga Gurong Nagsasanay sa Pagsasagawa ng Classroom-Based Action Research.

[21] Jurado-de-los-Santos, P., Colmenero-Ruiz, M. J., Valle-Flórez, R. E., Castellary-López, M., & Figueredo-Canosa, V. (2021). The teacher's perspective on inclusion in education: An analysis of curriculum design. *Sustainability*, *13*(9), 4766.

[22] Kangas-Dick, K., & O'Shaughnessy, E. (2020). Interventions that promote resilience among teachers: A systematic review of the literature. *International Journal of School & Educational Psychology*, *8*(2), 131-146.

[23] Kitane, K. M. (2022). Mga Nararanasan ng mga Mag-aaral sa Pagkatuto ng Filipino Gamit ang Modyular na Dulog sa Pagtuturo: Batayan sa Paglahad ng Rekomendasyon. *Silliman Journal*, *63*(1).
[24] Law, M. Y. (2022). A review of curriculum change and innovation for higher education. *Journal of Education and Training Studies*, *10*(2), 16.
[25] Mallillin, L. L. D. (2021). Teacher theory and adaptable model: an application to teaching profession. *European Journal of Education Studies*, *8*(12).
[26] McMillan, J. H., & Schumacher, S. (2010). Research in Education: Evidence-Based Inquiry. Upper Saddle River, NJ: Pearson Education, Inc
[27] Montecino, C. D., & Calisang, C. P. KASANAYAN AT DALAS NG PAGGAMIT NG MGA GURO NG TEKNOLOHIYA SA PAGTUTURO.
[28] Patton, M. Q. (2002). Qualitative Research and Evaluation Methods (3rd ed.). Thousand Oaks CA: Sage.
[29] Simkins, S., & Maier, M. (Eds.). (2023). *Just in Time Teaching: Across the Disciplines, and Across the Academy*. Taylor & Francis.
[30] Van Geel, M., Keuning, T., Meutstege, K., de Vries, J., Visscher, A., Wolterinck, C., ... & Poortman, C. (2023). Adapting Teaching to Students' Needs: What Does It Require from Teachers?. In *Effective Teaching Around the World: Theoretical, Empirical, Methodological and Practical Insights* (pp. 723-736). Cham: Springer International Publishing.
[31] Villanueva, P. M. P. (2021). *Modyul bilang alternatibong kagamitang pampagtuturo sa Filipino sa piling larong-isports* (Doctoral dissertation, West Visayas State University).
[32] Zhang, X., Admiraal, W., & Saab, N. (2021). Teachers' motivation to participate in continuous professional development: relationship with factors at the personal and school level. *Journal of education for teaching*, *47*(5), 714-731.
[33] Žitňáková, Ž. M. (2020). Proactive coping in the teaching profession. *EPedagogium*, *20*(4).